ang mahalaga sa pagtitiyak na mangingibabaw ang katotohan, pananagutan at pagkamit ng katarungan para sa ating bayan.

Ano ang mga maari nating gawin para suportahan ang impeachment ni Ombudsman Gutierrez?

Mahigpit nating bantayan ang impeachment trial sa Senado. Hinihikayat ang iba't ibang grupo na dumalo sa mga pagdinig sa Senado upang ipamalas ang ating pagkakaisa na dapat hatulan si Gutierrez ng guilty upang mapatalsik siya sa poder. Magpamalas tayo ng malakas na suporta sa mga testigo, abogado at prosecutors sa pamamagitan ng mga pagkilos sa loob at labas ng Senado.

Maglabas ng pahayag o sumuporta sa mga pahayag pabor sa impeachment. Magpadala ng mga liham o mensahe sa mga Senador upang itulak silang pumanig sa mga mamamayang nagrereklamo laban kay Gutierrez.

Maglunsad ng mga pulong o forum na nagtatalakay kung bakit dapat ma-convict sa impeachment trial si Ombudsman Gutierrez at mga kaakibat na isyu nito. Ilunsad ang information drive gamit ang mga malikhaing porma tulad ng video, exhibits, postcards, atbp. sa loob ng mga paaralan, ospital, opisina at iba pang lugar na may konsentrasyon ng mamamayan. Ipanawagan na higit pang maging mapagmatyag sa iba't ibang pang-aabuso ng mga nasa gobyerno habang isinasantabi ang mas malawak na interes ng bayan.

Kailangan ang ating nagkakaisang tinig at pagkilos upang basagin ang kawalan ng pananagutan, tibagin ang katiwalian sa pinakamataas na antas ng gobyerno at lipunan, at makamit ang katarungan tungo sa tunay na pagbabago.

[7]Pabaon-system sa AFP – Ayon sa testimonya ni Ret. AFP Col. George Rabusa sa Senado, ang "pabaon" para sa isang outgoing AFP chief-of-Staff na nagkakahalagang P50 milyon o higit pa ay kinukuha sa pondong Provisions for Command Directed Activity (PCDA). Noong 2002, inihanda ni AFP Comptroller Garcia ang operating program and budget ng AFP kabilang ang P213 milyon para sa PCDA. Ayon kay Rabusa, nakatanggap ng 'pabaon' ang mga dating AFP Chiefs of Staff na sina Angelo Reyes, Roy Cimatu, Diomedio Villanueva at Efren Abu.

Sources: Philippine Constitution, House of Representatives Rules on Impeachment, Senate Rules on Impeachment, House Resolution 1089, Impeachment Complaint vs. Merceditas Navarro Gutierrez by Bayan, et.al, House Committee on Justice Hearings, Senate BRC and Justice Committee Hearings, Corruption and Anti-Corruption in the Philippines by Transparency and Accountability Network March 2011, Karapatan, GMA News Research, Abs-Cbn News, Inquirer Archives *Photo credits:* Justin de Jesus, inquirer.net, pcij.org, newphilrevolution blogspot, newsbreak.ph *Art by:* Renan Ortiz/CAP

TANGGALIN SI OMBUDSMAN MERCI GUTIERREZ SA PUWESTO. PANAGUTIN SI GLORIA MACAPAGAL-ARROYO AT MGA KASAPAKAT SA PANG-AABUSO SA GOBYERNO

Isang praymer sa impeachment ni Ombudsman Merceditas Gutierrez

Inihanda ng
Pagbabago! People's Movement for Change
Bagong Alyansang Makabayan

ABRIL 2011

PANAGUTIN SI GLORIA MACAPAGAL-ARROYO AT MGA KASAPAKAT SA PANG-AABUSO SA GOBYERNO. TANGGALIN SI OMBUDSMAN MERCI GUTIERREZ SA PUWESTO.

Merci, Tanggalin; Gloria, Panagutin

Si Ombudsman Merceditas Gutierrez ay malaking balakid para sa pagpapanagot kay Gng. Gloria Macapagal-Arroyo sa marami niyang krimen at pagtataksil sa bayan. Si Gutierrez ay kaklase at malapit na kaibigan ng asawa ni Arroyo na si Mike Arroyo. Iniluklok si Gutierrez sa opisina ng Ombudsman noong Disyembre 2005 bilang proteksyon sa pang-uusig at mga posibleng kasong isasampa sa mag-asawang Arroyo at iba pa.

Sa buong panahon ng panunungkulan ni Gutierrez, wala ni isang kasong isinampa laban kay Arroyo at mga opisyales niya kaugnay ng malalaking kaso ng katiwalian sa gobyerno. Hindi inimbestiga at inupuan din ni Gutierrez ang mga kaso ng paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng administrasyong Arroyo.

Isang mahalagang hakbang kung gayon ang pagtanggal kay Gutierrez mula sa Opisina ng Ombudsman para maitulak ang pagpapanagot kay Arroyo at kanyang mga kasapakat sa lalong madaling panahon. Sa pamamagitan ng isang malakas na kampanya, magagawa nating tanggalin si Gutierrez sa pamamagitan ng impeachment process o di kaya

[1]Fertilizer fund scam - P728 milyong pondo para sana sa pagbili ng abono ay hindi nakarating sa mga magsasaka, bagkus ay napunta sa mga kaalyado ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo para tiyakin ang kanyang panalo bilang Presidente noong 2004 elections. Ayon sa Senado, dapat managot si Arroyo sa maanomalyang paggamit sa fertilizer fund.

Sa kabila ng rekomendasyon ng Senado na sampahan ng kaso sina DA Secretary Cito Lorenzo, DA Undersecretary Joecelyn "JocJoc" Bolante, iba pang mga undersecretaries at mga regional directors ng Department of Agriculture, at sa kabila ng reklamong inihain ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at ni dating Solicitor General Frank Chavez, inupuan ni Ombudsman Gutierrez ang kaso simula 2006. Bago nagsimula ang impeachment trial laban kay Gutierrez taong 2011, saka lang sinampahan ng kaso sina Lorenzo at Bolante.

ng taunang budget ng bansa (tumaas sa P105 B ang 2011 Defense budget). Patuloy ring umiiral ang mga paglabag sa karapatang pantao, kabilang ang extrajudicial killings, kahit sa ilalim ng Admnistrasyong Aquino.

Interes ng mas malawak na mamamayan ang natatapakan sa ganitong mga kaso ng pang-aabuso sa kapangyarihan habang ang nakikinabang ay ang iilang nakaluklok sa poder.

Ano ang inaasahan natin sa impeachment process na ito? Ano ang dapat gawin ng susunod na Ombudsman?

Ang Senado ay ang magsisilbing impeachment court sa kaso ni Gutierrez. Magsasagawa ito ng mga pagdinig kung saan ilalahad muli ang mga testimonya't ebidensya na magdidiin sa kanyang pagtataksil. Ngunit di lamang si Gutierrez ang masasalang: Inaasahan nating muling mabibigyang pansin ang mga isyung sangkot mismo si Arroyo.

Nais nating ipakita na katumbas ng di pag-aksyon sa maraming kaso sa Ombudsman ay ang patuloy na kawalan ng katarungan –sa mga maanomalyang transaksyon, matinding korupsyon sa loob ng AFP at PNP, pang-aabuso sa abang kalagayan ng mga magsasasaka, pagkakait sa mamamayan ng dapat ibinibigay na serbisyo ng gobyerno at pagpapawalang-sala sa mga pumaslang at lumabag sa karapatang-pantao.

Sa pagkakataong matanggal sa puwesto si Gutierrez, patuloy pa rin ang ating pagmamatyag at paghamon sa susunod na Ombudsman. Dapat mabilis umaksyon ang bagong Ombudsman sa mga kaso at mapagpasyang panagutin ang mga tiwaling opisyal at kanilang mga kasapakat sa panahon ng panunungkulan ni Arroyo at maging sa kasalukuyang administrasyon. Ang pagkilos ng mamamayan pa rin

[6]AFP Gen. Garcia Plunder Case – Pinasok ng Ombudsman ang isang plea bargain agreement kay Gen. Carlos Garcia sa kabila ng pagdambong nito ng P303 milyong pondo ng AFP bilang Comptroller. Ang pinakamatibay na ebidensya laban kay Gen. Garcia ay ang nasilip ni COA Auditor Heidi Mendoza na nawawalang P50 milyon mula sa dineposito nitong P200 milyon sa isang AFP Inter-Agency Transfer Fund bank account. May 124 bank accounts na nakapangalan sa mga Garcia kung saan noong 2004 ay nag-withdraw ito ng P128 milyong cash. Marami pang natuklasan ang audit team ni Ms. Mendoza na conversion at double-entries sa paggamit ng Balikatan at UN Funds na nakalaan sa AFP Modernization.

Bakit natin nais maalis sa pwestso si Ombudsman Gutierrez?

Nais nating maalis sa pwesto si Gutierrez dahil siya ay isa sa mga mayor na balakid para panagutin ang mga opisyal na kurakot at iba pang nagkasala laban sa mamamayan lalo na noong panahon ng administrasyong Gloria Macapagal-Arroyo. Ang kawalan ng aksyon ni Gutierrez at di niya pagsasampa ng mga kaso sa mga nagkasalang opisyal ay upang makaiwas sa pananagutan sina dating Pangulong Arroyo, First Gentleman Mike Arroyo at kanilang mga alipores.

Sa proseso ng impeachment trial sa Senado, nais nating muling ipabatid sa publiko ang mga kasalanan ni Arroyo sa bayan: ang laganap na graft & corruption at ang kawalang pananagutan (impunity); lansakang paglabag sa karapatang pantao[5] at iba pang pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga nasa gobyerno; pagtataksil sa pambansang soberanya at pagbebenta ng interes ng mamamayan sa dayuhan.

Hindi lamang ang mga nabanggit sa Articles of Impeachment ang pagtataksil na ginawa ni Gutierrez. Marami pang malalaking kaso ang sadyang inupuan ni Gutierrez para di managot ang mga nasa poder noong panahon ni Arroyo. Nilapastangan ni Gutierrez ang kasong isinampa laban sa mga opisyales ng AFP, PNP, DOLE at GMA kaugnay ng Hacienda Luisita Massacre; pinangunahan ng Ombudsman ang pagpasok sa isang plea bargain agreement sa kasong plunder ni dating AFP Comptroller Gen. Carlos Garcia[6]; hindi pagsampa ng kasong graft kay AFP Gen. Jacinto Ligot; hindi pag-aksyon sa mga kaso ng human rights violations tulad ng kasong *Manalo vs. Palparan, et al* -- ito ay ilan pa sa mga kasong dapat ring panagutan ni Gutierrez.

Dahil sa kawalan ng pananagutan ng mga opisyales sa gobyerno, patuloy na nawawaldas ang pera ng bayan sa maraming kaso ng graft and corruption sa gobyerno (20% ng taunang national budget batay sa pagtantsa ng World Bank), kabilang ang Armed Forces of the Philippines[7] na isa sa kumukuha ng pinakamalaking alokasyon

[5]Mahabang record ni Arroyo ng paglabag sa karapatang pantao – libolibo ang kaso ng paglabag sa karapatang pantao sa kanyang pamumuno ng Commander-in-Chief (Enero 2001-Hunyo 2010) kabilang ang 1,206 extrajudicial killings, 206 enforced disappearances, 206 frustrated killings at 1,099 kaso ng torture. Nagpatuloy ang mga paglabag na ito kahit sa panahon ng administrasyong Aquino kung sann may 45 kaso na ng extrajuducial killings at 5 enforced disappearances (Hulyo 2010-Marso 2011)

naman maitulak siyang magbitiw sa puwesto. Isang malaking hamon ngayon sa administrasyong Aquino ang pagpupursige ng prosecution ni Gutierrez sa Senado na tumatayong impeachment court.

Hindi matatapos ang ating panawagan sa oras na matanggal si Gutierrez sa puwesto. Prayoridad ng bagong Ombudsman ang pagsampa ng mga kasong hindi isinampa ni Gutierrez lalo na laban kay GMA at mga kasapakat niya, mapaaresto sila at mapalitis hanggang sa mahatulan ng GUILTY.

Ano ang prosesong impeachment?

Ang impeachment ay ang pormal na pagaakusa sa isang impeachable public official na lumabag sa Konstitusyon, nagtaksil sa bayan, nanuhol, nangurakot, gumawa ng iba pang malalang krimen o nagtaksil sa tiwala ng publiko. Matapos ma-impeach ng Mababang Kapulungan ng Kongreso, dadaan sa isang paglilitis o trial ang nasabing opisyal sa Senado. Ito lamang ang ligal na paraan para matanggal sa puwesto sa gobyerno at panagutin ang Presidente, Bise Presidente, mga Hurado ng Korte Suprema, miyembro ng mga Constitutional Commission tulad ng COMELEC at ang Ombudsman.

Kahit sinong mamamayan ay maaaring maghain ng impeachment complaint laban sa mga nasabing opisyal na di gumagampan o lumalabag sa kanyang sinumpaang tungkulin. Ang Mababang Kapulungan ng Kongreso ang may kapangyarihan para simulan (initiate) ang proseso ng impeachment. Maaaring i-endorso nito ang Articles of Impeachment sa Senado sa pamamagitan ng 1/3 na boto ng mga kasapi nito. Maaring dumaan ito sa pagdinig sa House Justice Committee bago aprubahan sa plenaryo o di kaya ay dumiretso sa plenaryo kapag nakuha na ang 1/3 votes.

Ang Senado ang magsisilbing impeachment court na maglilitis sa nilalaman ng Articles of Impeachment. Kapag nakuha ang 2/3 boto

[2]Euro Generals – Noong Oktubre 2008, naharang sa Russian airport ang tinaguriang Euro Generals na sina Police Director Eliseo de la Paz, dating PNP comptroller; Gen. Emmanuel Carta, puno ng delegasyon; Gen. Ismael Rafanan; Jaime Caringal; Romeo Ricardo; Silverio Alarcio Jr., German Doria at Supt. Elmer Pelobello, dahil sa bitbit ni de la Paz na 105,000 euros o P6.9 milyon. Kalaunan, nalaman na P9.2 milyon talaga ang kanyang dalang pera sa Russia.

ng lahat ng Senador, matatanggal sa pwesto ang opisyal na na-impeach.

Ano ang prosesong dinaanan ng impeachment kay Ombudsman Gutierrez?

Noong Hulyo at Agosto 2010, inihain ang dalawang impeachment complaints sa Kamara laban kay Ombudsman Merceditas Gutierrez para sa paglabag nito sa Konstitusyon at pagtataksil nito sa pagtitiwala ng publiko (betrayal of public trust) nang hindi niya inaksyunan ang maraming kaso ng korupsyon at mga maanomalyang transaksyon sa ilalim ng administrasyong Gloria Macapagal-Arroyo. Ang ikalawang complaint ay inihain nina Bayan Secretary General Renato Reyes, Jr, PAGBABAGO! Co-Chairperson Mo. Mary John Mananzan, KMP Secretary General Danilo Ramos, COURAGE Chair Ferdinand Gaite, National Union of People's Lawyers Secretary General Atty. Edre Olalia at League of Filipino Students Chair Terry Ridon.

Inaksyunan ang dalawang complaints ng House Committee on Justice, at nakita itong supisyente sa porma at laman. Subalit naantala ang proseso nang magpetisyon si Gutierrez sa Korte Suprema para ipatigil ang pagdinig ng Komite. Madaling naglabas ang Korte Suprema ng *status quo ante* order o pansamantalang paghinto ng impeachment bilang tugon sa petisyon ni Gutierrez.

Marso 2011 na lamang ibinasura ng Supreme Court ang petisyon ni Gutierrez, naalis ang status quo ante order at muling umusad ang mga pagdinig sa Komite. Dinesisyunan ng Committee on Justice na may sapat na batayan at probable cause para ma-impeach si Gutierrez. Sa Plenaryo ng Kamara noong Marso 22, ipinasa ang House Resolution No.1089 o ang *Resolution Impeaching Ma. Marceditas Navarro-Gutierrez for Betrayal of Public Trust*. Ang House Resolution kalakip ang Articles of Impeachment ay isinumite na sa Senado.

[3]Mega Pacific Deal – Inabswelto ni Ombudsman Gutierrez sa anumang kasong kriminal o administratibo ang lahat ng dapat managot sa maanomalyang Mega Pacific Deal, kabilang si dating Comelec Chair Banjamin Abalos. Binaligtad nito ang sariling resolusyon na naglalaman ng impormasyong maaring gamitin sa impeachment ni Commissioner Resurreccion Borra. Sinuway nito ang utos ng Korte Suprema na tukuyin ang pananagutang kriminal ng mga sangkot, matapos desisyunan ng Korte na labag sa batas at rules on bidding ang P1 bilyong kontrata ng Comelec sa Mega Pacific para sana sa automation ng 2004 elections.

Ano ang nilalaman ng Articles of Impeachment o ang batayan ng impeachment laban kay Ombudsman Gutierrez?

Ang mga isinamang causes of actions o batayan para sa impeachment ni Gutierrez ay ang sumusunod:

- Hindi agarang pag-aksyon at pagsampa ng kaso sa mga kaukulang opisyales tulad ni DA Usec JocJoc Bolante, DA secretary Cito Lorenzo at iba pa para sa kanilang pananagutan sa maanomalyang P 728 milyong pondo para sa programang Ginintuang Masaganang Ani (GMA) o ang tinaguriang fertilizer fund scam[1];

- Hindi pagsampa ng kaso laban kay PNP Gen. Eliseo dela Paz, isa sa mga "Euro Generals" [2] sa kabila ng kanyang pag-amin na di niya idineklara ang paglalabas sa bansa ng mahigit US $10,000;

- Pag-abswelto sa lahat ng mga Comelec officials at mga pribadong indibidwal na sangkot sa Mega Pacific Deal [3] para sa poll automation ng 2004, sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema na nagsasabing maanomalya at labag sa batas ang kontratang pinasok ng Comelec

- Hindi pag-iimbestiga kay dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at pag-abswelto sa kanyang asawang si Mike Arroyo sa anumang pananagutang kriminal sa maanomalyang NBN-ZTE Deal[4];

- Hindi agarang pag-aksyon at pag-abswelto sa mga opisyal ng Philippine Navy na pinaghihinalaang sangkot sa kaso ng pagpatay kay Navy Ensign Philip Andrew Pestaño; at

- Low conviction record sa mga kasong nakasampa sa Opisina ng Ombudsman.

[4]NBN-ZTE Deal – ang overpriced na kontratang nagkakahalaga ng $329 milyon sa pagitan ng gobyernong Arroyo at ZTE Corporation ng China para sa isang National Broadband Network. Ibinunyag ni Engr. Jun Lozada na ang mag-asawang Arroyo ang mastermind nito habang may makukuhang komisyon sina Comelec Chair Benjamin Abalos at Sec. Romulo Neri para sa kanilang pagiging broker. Kinansela ni Arroyo kalaunan ang kontrata sa gitna ng kainitan ng imbestigasyon ng Senado sa kaso at matapos maglabas ang Korte Suprema ng TRO para pigilan ang implementasyon nito.